



# Philippine Biblical Worldview Institute

## Certificate in Christian Ministries

### Introduction to Biblical Christian Worldview ©

Conrad Jun Tolosa  
Revised August 23, 2021

#### 700. Christian Society

##### 701. Relasyon

Ang lipunan ay kapisanan ng mga mamamayan na may kasunduan na mamuhay nang sama-sama. Mayroon silang pinagkasunduang sistema ng batas upang mapanatili ang kapayapaan nang sa ganoon sila ay makapangalakal tungo sa kaunlaran. Ibig sabihin, napakahalaga na ang mga kapisan sa isang lipunan ay may pagtingin sa isa't isa dahil ang kapayapaan ay hindi mapananatili kapag may mga miyembro na hindi contento sa kanilang kalagayan. Ang mga discontentong miyembro ay tiyak na magiging sanhi ng friction tungo sa disruption sa arawang pamumuhay ng lipunan.

Pinangaral ng Panginoong Jesus na ang una at ikalawang greatest commandments ay, "Mahalin mo ang Diyos ng buong puso, buong kaluluwa, buong isipan at buong lakas, at mahalin mo ang iyong kapwa tulad ng pagmamahal mo sa iyong sarili (Matthew 22:36-39; Luke 10:27).

Madaling sabihin ng isang tao na mahal niya ang Diyos nang walang isip-isip. Kaya naman sinabi ni Apostol Juan na ang nagsasabi na mahal niya ang Diyos subalit hindi nagmamahal sa kapwa ay nagsisinungaling dahil sa kung sino ang nagmamahal sa Diyos ay dapat na nagmamahal din sa kanyang kapwa (1 John 4:20-21).

Kung ano ang kalidad ng relasyon ng tao sa Diyos, gayon din ang kalidad ng relasyon niya sa kanyang kapwa.

Minsan ang magkapatid na Cain at Abel ay nagbigay ng handog sa Diyos (Genesis 4). Tinanggap ng Diyos ang alay ni Abel subalit tinanggihan Niya ang handog ni Cain. Ang kaibahan ng mga handog ay nasa naghandog. Si Abel ay may pusong nagtitiwala sa Diyos samantalang ang puso ni Cain ay malayo sa Diyos. Nagalit si Cain sa Diyos sapagkat kinalugdan ng Panginoon si Abel at hindi siya. Dahil sa hindi nagtiwala sa payo ng Diyos si Cain, ang kanyang galit ay nauwi sa ngit-ngit na nauwi sa pagpatay ng kanyang kapatid. Pinagdiskitahan ni Cain si Abel sapagkat hindi niya kayang labanan ang Diyos.

Kung tayo man ay hindi pa nakasisiguro kung anong klaseng lipunan ang kahihinatnan ng mga taong namumuhay sa labas ng presensya ng Diyos, huwag na tayong magtaka. Sa Genesis 6 sinasabi na ang buong mundo nang panahon ni Noah ay puno ng kasamaan, karahasan at kabulukan. Ang patuloy na iniisip ng mga tao noon ay pawang kabuktutan lamang.

Ang tanong ay ito: Mayroon bang magagawang kabutihan sa kapwa ang mga taong walang takot sa Diyos?

Pinagdidiinan ng araling ito ang sinabi ng Panginoong Jesus na ang tao ay hindi makapaglilingkod sa dalawang panginoon, mamahalin niya ang isa at kamumuhian naman ang isa. Hindi tayo makapaglilingkod sa Diyos at Pera.

Nakalulungkot ang kinagigisnan ng mga kabataan dito sa ating bayan. Mataas man ang katungkulan o mababa, mayaman man o mahirap, ang ugaling napapagmasdan ay maipipinta sa kasamaan, karahasan, kabulukan at kabuktutan. Parang ang paghahari ng kasalanan ay wala nang katapusan. Maging opisyal man sa gobyerno o militar, maging tanyag man o pangkaraniwang mamamayan, lahat ay sumasang-ayon na ang lahat ay gumagawa ng kasalanan sa pagkita ng pera. Ang mga taong walang takot sa Diyos ay walang gagawing mabuti sa kanilang kapwa.

Subalit, may pag-asa pa. Masdan natin ang mga Cristiano matapos umakyat sa langit si Cristo. Sila ay may pagkakakaisa sa puso't diwa. Walang nag-aangkin na ang kanyang mga ari-arian ay sa kanya lamang. Kung kinakailangan, nagbenta ng bahay at lupa ang mga maykaya upang matulungan ang mga nagkukulang. Acts 4:32-35

### **702. Pag-ibig**

Sa tuwing mangangaral ang Panginoong Jesus, labis na namamangha ang mga nakikinig sa Kanya. Subalit may mga Hudyong marurunong sa relihiyon ang madalas nakikipagdebate at ayaw patalo. Minsan isang abogado ang nagtanong kay Jesus upang subukan Siya, *Ano ang pinakamahalagang utos sa batas ng Diyos?* Ang sagot ni Cristo ay, *Mahalín mo ang Diyos ng buong puso, buong kaluluwa, buong isipan at buong lakas* (Matthew 22:36-39; Luke 10:27).

Ang ating pag-ibig sa Panginoong Diyos o ang ating pagwawalang bahala sa Kanya ay mababakas sa ating pagsunod o pagsuway sa Kanyang mga kautusan at tagubilin. Ito ang sabi ng Panginoong Jesus, *Kung mahal mo Ako, sundin mo Ako* (John 14:15).

Sinasabi sa 1 Samuel 15:22 na ang pagsunod ay mas mabuti kaysa paghahandog. Kaya, hindi masusukat ang pagmamahal sa Diyos sa laki ng binibigay sa simbahan; at hindi rin sa lakas ng pakiramdam. Ang pag-ibig sa Diyos ay nabibigyang kahulugan lamang sa pakikinig at pagsunod sa Kanyang salita.

Ang tanong ay ito: Kung nakakabit sa pagsunod sa kalooban ng Diyos ang pag-ibig sa Kanya, ano ang paraan upang lumago ang ating pag-ibig sa Panginoon?

Isa lamang ang paraan kung paano lalalim ang ating pagmamahal kay Cristo – iyan ay sa pamamagitan ng pagkilala sa Kanya nang lubusan. Ang mas malalim na pagkilala sa Kanya ang magpapalago sa ating pag-ibig sa kanya. At, isa lamang ang paraan ng pagkilala sa Kanya. Iyan naman ay ang pag-aaral ng Kanyang salita.

Sinasabi sa 1 John 4:19 na mahal natin ang Diyos sapagkat minahal Niya muna tayo. Ibig sabihin, ang ating pagmamahal sa Diyos ay reaction natin sa Kanyang pagmamahal. Kaya, kung nais nating lumago ang ating pagmamahal sa Panginoon, alamin natin kung gaano ba talaga tayo kamahal ng Diyos?

Maraming mga kadalagahan ang nagsasabing ang gusto nilang mapangasawa ay yaong mayaman, matanda at malapit nang mamatay. Ang ibig nilang sabihin ay pera ang mahalaga. Sinasabi naman ng iba na ang pagmamahal ay natututuhan ng tao. Matututuhan daw nilang mahalín ang pangit basta mayaman. Anong uri ng pag-ibig sa asawa magkakaroon ang mga babaeng ganito?

Ang gospel at mga liham ni Apostle John ang tunay na nakakapag-paliwanag ng pag-ibig ng Diyos sa atin. Dapat na pagbulay-bulayan natin ang dalawang passages na ito:

Una, ang John 3:16 na nagsasabing, *Gayon na lamang ang pagmamahal ng Diyos sa atin na ibinigay Niya ang Kanyang kaisa-isang Anak upang ang sinumang magtiwala sa Kanya ay hindi mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.*

Ikalawa, sinasabi ni Cristo sa John 10 na ibinigay Niya ang Kanyang buhay para sa Kanyang mga tupa at binibigyan Niya ang mga ito ng buhay na walang hanggan.

Dalawang bagay ang ating dapat pagbulay-bulayan tungkol sa pagmamahal ng Diyos sa atin. Walang pinagkait sa atin ang Kanyang pagmamahal at namatay si Cristo para sa atin nang tayo ay makasalanan pa.

Dapat din nating pakaisip-isipin na tayo ay binigyan ng Diyos ng dignidad nang tayo ay Kanyang likhain sa sarili Niyang wangis. At, idagdag pa natin ang mga katotohanan na tayo ay ginawa Niyang asin ng lupa, ilaw ng sanlibutan, Kanyang mga saksi at ambassadors (Matthew 5, Act 1, 2 Corinthians 5).

Mayroon akong napanood na sine. Ang tanong ng lalaki sa kanyang maybahay ay ganito: “Mahal mo ba ako?” Magaling ang pagkakasagot ng babae. “Matapos kitang paglingkuran ng dalawampu’t limang taon, pinagluto kita, nilabhan at plinantsa ko ang iyong mga damit, pinalaki ko ang iyong mga anak, nilinis ko ang iyong barong-barong, winalis ko ang iyong bakuran. Tapos, tatanungin mo ako kung mahal kita?”

Habang lumalago ang ating pagkakilala sa Diyos, lalakas naman ang ating pagnanasa na sundin ang Kanyang kalooban na mahal in natin ang ating kapwa. Tulad ng ating napag-alaman na sa mga nakalipas nating aralin, ang kalooban ng Diyos para sa atin ay nakapaloob sa tinatawag na Great Commission na nakatala sa Matthew 28:19-20, na nag-uutos sa Kanyang mga alagad na hanapin ang mga nawawala Niyang tupa, ibahagi sa kanila ang mabuting balita ng kaligtasan at turuan silang sundin ang lahat ng Kanyang pinag-uutos; at maging asin ng lupa at ilaw ng sanlibutan.

Ang involvement sa mga gawaing ito ang nagpapatunay kung gaano natin kamahal ang Diyos.

### **703. Kapwa Ko**

Matapos sabihin ng Panginoong Jesus na ang pinakamahalagang kautusan ay ang mahal in ang Diyos ng buong puso, kaluluwa, isip at lakas, binanggit Niya na ang pangalawa ay tulad ng una: *Mahalin mo ang iyong kapwa tulad ng pagmamahal mo sa iyong sarili.* Matthew 22:39.

Ang tanong ay ito: Paano ko mamahalin ang aking kapwa?

Aminin man natin o hindi, ang tanong na ito ay mahirap sagutin nang basta-basta na lamang. Ang Scriptura na rin ang makakatulong sa atin.

Una, himay-himayin natin ang nilalaman ng Matthew 25:31-46 kung saan nakasaad ang ilang impormasyon tungkol sa last judgment: Nakaupo ang Panginoong Jesus sa Kanyang trono at ang sanlibutan ay nasa Kanyang harapan kung saan ang mga tupa ay nasa Kanyang bandang kanan at ang mga kambing ay nasa kaliwa.

Binigyan ng parangal ni Cristo ang Kanyang mga tupa dahil sa ginawa nilang pagkalinga sa Kanya; nang Siya ay nagugutom, nauuhaw, walang malapitan, walang masuot, maysakit at nasa kulungan – bagay na pinagtakhan ng mga tupa sapagkat hindi nila naranasan ang anumang pangyayaring ito. Subalit ang sabi

ng Panginoon ay ito: Ang ginawa mong pagtulong sa kaliit-liitan Kong kapatid ay ginawa mo sa Akin. Ang kabaliktaran naman ang Kanyang sinabi sa mga kambing na nasa Kanyang kaliwa – ang pinagkait ninyo sa Aking kapatid ay pinagkait ninyo sa Akin.

Unawain din natin kung bakit kapatid ang turing ng Panginoong Jesus sa mga tupa na Kanyang kinalugdan. Sinasabi sa John 1:12 na ang tumanggap sa Kanya at naniwala sa Kanyang pangalan ay pinagkalooban Niya ng karapatan na maging mga anak ng Diyos. Sa Romans 8:29 sinasabi naman na ang mga kinilala ng Diyos ay Kanyang tinalaga na maging kawangis ng Kanyang Anak upang Siya ay maging panganay ng maraming kapatiran. Samakatuwid, ang mga tupa ni Cristo ay mga anak din ng Diyos.

Ikalawa, ang katuruang ito ay sinabi ng Panginoon in general terms. Kung baga, general guidelines na dapat balansehin ang mga particular na tagubilin tulad ng sinabi ni Apostol Pablo sa 2 Thessalonians 3:10 na nagsasabing, *Ang isang kapatid na ayaw magtrabaho, ay hindi dapat pakainin*. Hindi dapat abutan ng tulong ang mga tamad at ang mga ayaw tumalikod sa kanilang masamang ugali. Dapat din nating liwanagin na hindi pagtatakwil ang ibig sabihin na huwag pakainin ang mga tamad. Ang hindi pagtulong sa ang mga ito ay para na rin sa kanilang kapakanan sapagkat ang mga nagugutom ay mapipilitang maghanap-buhay.

Natatandaan ko na mayroong isang programa sa telebisyon na ang pamagat ay “Kapwa Ko, Mahal Ko.” Natatandaan ko rin na ayaw kong panoorin ang ganoong programa sapagkat ayaw kong mahingan ng pera o tulong para sa mahihirap. Wala akong magagawa sapagkat sapat lang para sa aking pangangailangan ang aking sinusuweldo. At isa pa, ang laging pumapasok sa isipan ko ay “kaya sila naghihirap ay dahil tamad sila.”

Nararapat nating mahalín ang ating kapwa sa pamamagitan ng pagtulong sa kanila sa oras ng pangangailangan. Atin ding alalahanin na hindi lahat ng pangangailangan ay sanhi ng katamaran o kasamaan. Mayroon tayong mga kababayan na naghihirap dahil sa dulot ng isang calamidad, tulad ng bagyo, lindol, sunog, pagnanakaw, o kaya naman ay dahil sa pagka-layoff sa trabaho. Dapat natin silang tulungan sa abot ng ating makakaya.

Karimarimarim ang mga pangyayari sa ating bansa na ang mga pondo o pribadong donasyon na nakalaan para sa mga may pangangailangan, tulad ng mga nabibiktima ng malalakas na bagyo, ay ninanakaw ng mga naka-puwesto sa gobyerno.

Sila ba ang mga kambing na tinutukoy pagdating ng last judgment?

#### **704. Bahay**

Sinasabi sa Genesis 4:10-18 na matapos palayasin ng Diyos si Cain, ito ay nagtungo sa lupain ng Nod, sa dakong silangan ng Eden. At doon matapos ang mahabang panahon, siya ay nakapagtatag ng isang siyudad. Habang itinatatag ng Diyos ang Kanyang kaharian dito sa lupa gaya ng sa langit, ang mga tao naman ay patuloy sa pagtatayo ng kani-kanilang mga subdivisions.

Pinapaalalahanan tayo ng Panginoong Jesus sa John 17:16 na tayo, bagamat nasa mundo, ay hindi taga-mundo. Si Apostol Pablo sa Colossians 1:13 ay nagsasabi na tayo ay iniligtas sa kapangyarihan ng kadiliman at inilipat sa kaharian ni Cristo. Ang mga hinirang mula sa iba’t-ibang lipunan na nakakalat sa mundo ay hindi dapat tumingin sa mga bahay sa mga siyudad na tinayo ng tao na para nang pirmihang

tahanan. Kahit tayo ay gumagalaw sa mundo, kinakailangan na ang ating mga mata ay nakapako kay Jesus at sa Kanyang kaharian.

Ang tanong ay ito: Saan dapat manirahan ang mga mananampalataya?

Bagamat napakaraming mga tagpi-tagping barong-barong ang nagkalat sa Metro Manila, napaka-rami rin naman ang naglalakihang mga bahay at mansyon sa iba't ibang dako ng Ortigas, Makati at Alabang. Ang kaligayahan ng mga Pilipino ay kadalasang nakatuon sa pagkakaroon ng bahay.

Nang ihayag ni Cristo sa Kanyang mga disipulo ang nalalapit Niyang pagpanaw, ang mga ito ay lubhang nalungkot at nabagabag. Upang sila ay pasiglahin, si Cristo ay patuloy na nagpahayag. Sinabi Niya na sa tahanan ng Kanyang Ama ay maraming silid. Aalis Siya upang maghanda ng kanilang matutuluyan. At kung Siya ay maghahanda ng kanilang matitirhan, tiyak na Siya ay babalik upang sila ay sunduin (John 14:1-4). Tayong mga mananampalataya ay nakasisiguro ng permanenteng tahanan sa langit.

Marami sa mga negosyante, mga opisyal ng malalaking companya, at mga malakas mangurakot sa gobyerno ang walang tigil sa pagtrabaho o paggimik upang mapalago nila ang kanilang mga kayamanan. Sila ay patuloy sa pagpapalakihan ng bahay.

Sa Matthew 8:20 sinabi ni Cristo na ang mga lobo ay may lungga at ang mga ibon ay may pugad, subalit Siya ay wala man lamang mahimlayan. Samakatuwid, hindi mahalaga kung tayo man ay may bahay o wala o kung malaki man ito o maliit lamang. Tayo ay dapat manirahan sa tahanan na ipinagkakaloob sa atin ng Diyos habang tayo ay patuloy na naglilingkod sa Kanya.

Hindi naman ibig sabihin nito na wala ng katungkulan ang mga ama ng tahanan na paglaanan ang kani-kanilang pamilya ng disentang bahay na matatawag na tahanan. Ating pakatandaan na hindi itatakwil ni Cristo ang pamilya ng Kanyang mga manggagawa.

Sa ating panahon, marami ang mga nagpa-pastor na tinitii na magkahirap-hirap ang kanilang mga anak alang-alang daw sa gospel. Ang ganitong paniniwala ay nagreresulta sa pagtalikod ng mga anak sa gawain ng Diyos. Bagamat hindi sinasabi ng mga batang ito nang harapan sa kanilang magulang, mapapansin sa kanilang pagkilos na sila ay nahihirapang pagtugmain ang paghihikahos na kanilang dinaranas sa paglilingkod sa Panginoon.

Huwag nating kalimutan na kung nasaan man ang ating hanap-buhay, naroroon ang oportunidad na makapag-lingkod sa Panginoon.

Ang bahay ay hindi kinakailangang sariling pag-aari; puwede namang nirentahan lamang; hindi kinakailangang malaki at magara para maging masayang tahanan.

Ang permanenteng tahanan ng mga believers ay nasa langit.

### **705. Kaguluhan**

Kung nais nating maunawaan kung paano humahantong ang isang mahinahon na usapan sa pataasan na ng boses, kinakailangan nating maunawaan ang kalikasan ng tao. Ang tanong na *Is man basically good or evil* ay crucial sa pag-unawa sa tunay na kalikasan ng tao.

Ito ang sinasabi ng Bibliya sa Genesis 5: Nang likhain ng Diyos ang tao, ito ay Kanyang hinubog sa sarili Niyang wangis. Nilikha Niya ang lalaki at babae, pinagpala ang mga ito at pinangalanang *Tao*. Dahil sa kalarawan ng Diyos ang tao, siya ay isang *moral being* na alam ang mabuti at masama, tama at mali.

Kaya huwag nating isipin na ang source ng pagkaalam ng mabuti at masama ay isang puno na nasa hardin ng Eden na ang pangalan ay puno ng pagkaalam ng mabuti at masama, na kung saan ang tao ay pinagbawalang kumain.

Ang Diyos lamang ang nagbibigay kahulugan sa salitang mabuti at masama, tama at mali, at totoo at kasinungalingan. Ito ang ginusto ni Lucifer, na siya rin ay makapagbigay kahulugan sa tatlong bagay na ito: totoo, mabuti at tama. Ito ang naging sanhi ng kanyang pagkahulog sa kasalanan. Ang pagnanasang ito ang naging sanhi rin ng pagkahulog ng tao sa kasalanan.

Nagkakagulo ang mga tao dahil sa hindi pagkakaunawaan. Lahat ay may kagustuhan na sila ang tama. Kaya, kung ang nais ng isang lipunan ay ang makaiwas sa kaguluhan, dapat nilang alamin ang ibig sabihin ng totoo, mabuti at tama ayon sa Diyos, at hindi ayon kay Satanas o ayon sa tao. Tinuturo ng Bibliya na ang tanging source ng triad ng totoo, mabuti at tama ay ang Diyos lamang, at ang source ng kasinungalingan, masama at mali ay ang ama ng kasinungalingan, na ayon sa Panginoong Jesus ay si Satanas.

Ang isa pang nakagagayuma sa lipunan ay ang mga iskandalo. Gustung-gustong malaman ng mga tao ang buhay ng may buhay - - sino ang sinisipingan ng kung sino ang artista, sino ang pinakamalakas mangurakot sa gobyerno at marami pang iba. Ang dahilan kung bakit nangyayari ang mga kalokohang ito ay sapagkat si Satanas ang prinsipal ng mundo (John 12:31).

Samakatuwid, nakasalalay ang kapayapaan o katahimikan ng isang lipunan sa distansya nito sa katotohanan. Habang ang isang lipunan ay papalayo nang papalayo sa triad ng katotohanan, kabutihan at katuwiran, lalo itong magiging magulo, tulad ng nangyayari dito sa ating bansa.

Ang malaking kasalanan ay nagmumula sa maliit na kalokohan. Ang pagsuway sa mabigat na batas ay nagsisimula lamang sa pagbili ng pirated dvd o kaunting marijuana. Ang malakihang pangungurakot ay nagsisimula lamang sa pagtanggap ng maliit na lagay. Ang anarkiya o matinding kaguluhan ay nagsisimula lamang sa munting pagsuway sa batas - - tulad ng hindi pagsunod sa ilaw ng trapiko, pangongotong o pandurukot.

Ang tanong ay ito: Paano mapipigilan ang paghantong sa matinding kaguluhan ng ating bayan?

Maaaring naghahari sa ngayon si Satanas sa bansang Pilipinas, subalit kapag nagising ang iglesyang nakatayo sa salita ng Diyos, tiyak na magwawagi ang katotohanan, kabutihan at katuwiran. Nararapat pigilan ng mga nagtitiwala kay Cristo ang lipunan sa patuloy na pagsuway sa batas na humahantong sa matinding kaguluhan. Mapipigilan ng mga Cristiano ang paghantong ng bayan tungo sa matinding kaguluhan kung tutuparin nila ang kanilang layunin bilang asin ng lupa at ilaw ng sanlibutan.

### **Discussion questions:**

1. Paano mo masusukat ang kalidad ng iyong relasyon sa Diyos at sa iyong kapwa?

2. Paano mo masasabi na iniibig mo ang Diyos ng buong puso, kaluluwa, isip at lakas?
3. Paano mo mamahalin ang kapwa mo na ubod ng tamad at pala-asa?
4. Paano ako nagiging mabuting impluwensya sa loob ng aking tahanan? Sa aking kapitbahay? Sa aking kasamahan sa trabaho?
5. Paano mapipigilan ang paghantong sa matinding kaguluhan ng ating bayan?

### I. Multiple Choice

1. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng pag-ibig sa Diyos ng buong puso, kaluluwa, isipan at lakas?
  - a. Nagpapakita ka ng pag-ibig sa kapwa at may pantay na pagtingin sa kanila anuman ang estado nila sa buhay.
  - b. Nagpapakita ka ng pag-ibig sa mga taong malapit lamang sa iyo.
  - c. Nagpapakita ka ng pag-ibig sa mga taong tumutulong sa iyo at binabalewala ang mga hindi nagbibigay ng tulong o sa palagay mo ay walang pakinabang sa iyo.
2. Piliin ang halimbawa na nagpapakita ng pag-ibig sa kapwa gaya ng sa sarili.
  - a. Pagbibigay tulong sa mga nangangailangan kung kailan lang maisipan.
  - b. Marunong humingi ng tawad at magpatawad at hindi nagtatanim ng galit.
  - c. Ang pagpapakita ng respeto sa kapwa ay nakadepende sa estado sa buhay ng nakakasalamuha.
3. Ano ang dapat na ginagawa ng isang taong may tunay na pag-ibig kay Cristo?
  - a. Nai-involve sa mga outreach programs.
  - b. Nagbibigay tulong sa mahihirap.
  - c. Sumusunod sa Kanyang mga kautusan at tagubilin.
4. Paano natin mapapalalim ang ating pagmamahal kay Cristo?
  - a. Sa pamamagitan ng palagiang pagtulong sa iba.
  - b. Sa pamamagitan ng pagkilala sa Kanya ng lubusan.
  - c. Sa pamamagitan ng pagsisimba.
5. Ano ang natutuhan mo na aral na itinuro ng Panginoong Jesus sa Matthew 25:31-46?
  - a. Kung ano man ang ginawa natin sa ating kapwa ay para na rin nating ginawa sa Panginoong Jesus.
  - b. Kung ano man ang ginawa natin sa ating kapwa ay hindi basihan ng ating pag-ibig sa Diyos.
  - c. Ang mga mabubuting ginawa lang natin sa ating kapwa ang bibigyang pansin ng Panginoong Jesus sa araw ng pagsusulit.
6. Ang mga naghihirap ay dapat tulungan maliban na lamang kung ang dahilan ng kahirapan ay \_\_\_\_\_.
  - a. bunga ng nasalanta ng kalamidad
  - b. bunga ng kawalan ng oportunidad sa pagtrabaho
  - c. bunga ng katamaran at ayaw magbanat ng buto

7. Ano ang paalala ng Panginoong Jesus sa atin patungkol sa ating relasyon sa mundo?
  - a. Tayo ay nasa mundo kaya't pagsumikapan nating mapaunlad at mapaganda ng lubos ang buhay natin dito.
  - b. Tayo ay nasa mundo ngunit huwag nating ituring ang mundo na panghabang-buhay nating tirahan.
  - c. Tayo ay nasa mundo kaya dapat mamuhay tayo ng ayon sa pamantayan ng mundo.
  
8. Saan ang permanenteng tirahan ng mga nagtitiwala kay Cristo?
  - a. sa bahay na kanilang pinundar
  - b. sa kabundukan
  - c. sa langit
  
9. Sino ang nagbibigay ng tamang kahulugan ng mga salitang mabuti at masama, tama at mali, at totoo at kasunungalingan?
  - a. sarili
  - b. sa Diyos
  - c. lipunan
  
10. Paano mapipigilan ng mga mananampalataya ang pagkalubog ng isang lipunan sa matinding kaguluhan?
  - a. Kung tutuparin nila ang kanilang layunin bilang asin ng lupa at ilaw ng mundo.
  - b. Kung makikiayon sila sa takbo ng mundo.
  - c. Kung sila ay iiwas sa pakikisalamuha sa ibang tao.

**II. Essay:** (At least 250 words)

Compose one (1) short devotion or essay: Ano ang pinaka-mahalagang bahagi ng pananaw sa buhay ang dapat baguhin ng ating mga kababayan?

**Note:**

1. *Ang essay ay maaaring isulat sa English, Tagalog or Taglish.*
2. *Ang essay ay isa-submit din sa iyong Pastor.*